

Sa Eskwelahan, upang masiguro ang malusog na pag-aaral ng mga bata, at pababain ang panganib ng impeksyon, amin pong ipakikilala ang “Bagong Paraan sa Buhay Eskwela”. Bukod pa rito, habang sinasanay ang mga nilalaman ng pang-akademya at extracurricular activities at bigyan ng pagsasalang-alang ang mga katangiang taglay ng mutant strains at ang sitwasyon ng lokal na impeksyon, humihingi kami nang pang-unawa sa mga pamilya habang kami ay nagsusumikap na maseguro ang pagpapatuloy ng pagpasok sa klase hanggang sa extracurricular activities hangga’t maaari.

“Bagong Paraan Sa Buhay Eskwela”

Batayang Hakbang Kontra Impeksyon



- Kami ay humihiling ng inyong pakikipagtulungan sa pagpamanman ng kalusugan ng mga bata at ang kanilang mga kapamilya kasama sa pamumuhay, kasama ang pagkuha ng sukat at temperatura ng katawan
- Kung ang inyong anak, o kahit sinong kapamilya sa kasamang naninirahan, ay mayroong sintomas gaya ng lagnat o ubo, magpahinga sa bahay.

*Ito ay ituturing na "suspension of attendance"

*Sa kasalukuyan, base sa sitwasyon ng epidemya sa Hokkaido, kung may isa na inyong kasama na naninirahan kasama ang inyong anak ay may sintomas na hindi nasuri gaya ng lagnat ito ay tatratuhin gaya nang nabanggit sa itaas.

- Mga estudyante at mga tauhan ay kakailanganing maghuhugas ng mga kamay ng madalasan, gamit ang tubig at sabon ng mga 30 segundo.
- Ang pagdisimpekta ay gawa ng mga sabon na epektibo laban sa COVID-19 at maging regular na kaugalian.

Pag-iwas sa “3 C’s”

- Ugaliin ang bentilasyon sa lahat ng oras o gawing regular, depende sa panahon at klima .
- Laging magdistansya ng 1 -2 meters hanggat maaari.
- Magsuot ng mask kung hindi maiwasan ang pisikal na distansya, o kung nakikipag-usap.

* Saka-sakaling mayroong panganib ng heat stroke o kahirapan sa paghinga atbp., mayroon pong naibabagay na katugunan tungkol sa pagtanggap ng mask.

Aralin tungkol sa nakakahawang sakit

- Ang mga bata ay gagabayan sa tamang pag-unawa sa COVID-19 at kung paano bawasan ang panganib ng impeksyon.
- Ang mga bata ay tuturuan na gumamit nang angkop na pagkilos ng walang diskriminasyon o pinsala.

Mula sa MEXT Manual o para sa pangangasiwa ng kaligtasan at Kalinisan Sa mga eskwelahan kaugnay sa COVID-19 “Bagong Paraan Sa Buhay Eskwela” (Ver. 8, Abril 1, 2022)

“Mga Puntos sa karagdagang Pag-aalaala”

~Kung ano ang ating natutunan sa mga nakaraang kaso ng pagkakahawa ng impeksyon

Huwag pumasok kung may kaunting sintomas



Lapat sa mga bata, mga kapatid, at mga kasambahay na naninirahan kasama ng bata

Kung kakain o iinom, huwag magsalita ng walang mask

Pagkain sa Eskwelahan, lunch sa labas ng eskwela, atbp.
(Kailanman kakain o iinom)

黙食
にご協力ください



Tuwing club activities,
Kung magbibihis,
magpapahinga, atbp.



Sa pagkalat ng Omicron variant ng COVID-19, ang mga tao sa labas nang pangunahing pamilya ng isang taong naimpeksyon ng COVID-19 ay hindi na iimbistigahan para sa aktibong epidemyang imbestigasyon na isinasagawa ng ilang public health centers. (※Ilang public health centers ay hindi nagbago ang kanilang patakaran.)

Ang tugon nang mga eskwelahan ay magkakaiba batay sa kalagayan ng mga magulang at anak, kaya pakiusap na ipaalam sa eskwelahan ng inyong anak ang mga sumusunod na mga kalagayan.

Kung naimpeksyon ang bata, ang ibang mga bata sa kanilang klase ay maaaring italagang magkaroon ng malaking pagkakataon ng impeksyon batay sa kanilang bagong pagkilos at pakikihalubilo sa may impeksyon na mag-aaral. Ito ay magiging daan upang sila ay tumanggap ng indibiduwal na utos na isuspinde ang kanilang attendance sa mga klase.

Itinalagang Mga Tularan

(Hokkaido Health and Welfare department)

Kumain sa parehong lamesa at nakipag-usap sa may impeksyon na estudyante.

Gumugol ng mahabang oras kasama ang may impeksyon na walang suot na mask o hindi tamang pagsuot ng mask.

Kaso	Tugon ng Paaralan
① Ang batang may impeksyon ng COVID-19	Suspensyon ng attendance hanggang gumaling.
② Ang bata ay itinalagang may close contact (Ang miyembro ng pangunahing pamilya ay may impeksyon ng COVID-19)	Suspensyon ng attendance hanggang katapusan ng kanilang quarantine period na itinalaga ng Public health center.
③ Ang bata ay itinalagang “pagkakaroon ng mataas na impeksyon” ng kanilang eskwelahan, atbp.	Suspensyon ng attendance hanggang Pitong araway makalipas mula huling makipag-contact sa batang may impeksyon, atbp. (Ang Suspensyon ay matatapos sa ika-walong araw)
④ Ang bata ay kailangang kumuha ng PCR o Antigen test (bukod pa sa dahilan na itinalagang close contact)	Suspensyon ng attendance hanggang ang resulta ay madeterminado. *Hindi kasama ang pagsuring pribado at mga hindi lukob ng health insurance.
⑤ Ang bata, o pangunahing miyembro ng pamilya na hindi nasuring lagnat o ubo	Suspensyon ng attendance hanggang mawala ang sintomas. ※Gayon pa man, kung ang pangunahing miyembro ng pamilya ay nakumpirmang hindi naman ito COVID-19 mula sa isang institusyong medikal, ang paaralan ang magpapasiya kung ang bata ay makakapasok o hindi batay sa base lokal na kalagayan ng impeksyon at iba pang mga dahilan. Makipag-ugnayan sa paaralan para sa iba pang mga impormasyon.
⑥ Ang pangunahing miyembro ng pamilya ay itinalagang may close contact, o pagkakaroon ng malakas na impeksyon, o iba pang pagkakataon kung saan may mataas na panganib ng impeksyon ng COVID-19	Mangyaring Kumunsulta sa paaralan, dahil ang pag-aasikaso ng ganitong mga kaso ay didisisyunan batay sa kalagayan ng impeksyon sa lokalidad. ※Hindi ito katwiran upang tumigil sa pagpasok.



Mga Dahilan sa pagsususpende

Ang paaralan ay magsususpende ng mga klase sa isa sa Tatlong mga sumusunod na mga dahilan.



- ① Kung ang isang estudyante ay nakumpirmang may impeksyon ng COVID-19, at ang ibang karamihan ng mga estudyante ay hindi nasuri ng mga sintomas ng trangkaso
- ② Kung ang karamihan ng estudyante sa isang klase ay nakumpirmang may impeksyon ng COVID-19
- ③ Iba pang mga dahilan, mula sa payo ng Nurse ng paaralan kung saan ipinapalagay na kinakailangang isuspinde ang isang klase ng school management staff

Mangyaring makipag-usap sa amin kung kayo ay may alala!

- Kung kayo ay alala tungkol sa inyong anak na maimpeksyon ng COVID-19
- Kung kayo ay nag-aalala tungkol sa epekto sa kalusugan ng pag-disimpekta at paghuhugas ng mga kamay

Mangyaring makipag-usap sa support desk sa paaralang ng inyong anak.

o sa Child Support Center ng Hokkaido Board of Education



☎ : 0120-3882-166 (Libre, Bukas 24H)

E-mail: sodan-center@hokkaido-c.ed.jp

Kailangan namin ang inyong suporta upang itigil ang online na panirang-puri sa social media!

Sinasabing ang ugat ng diskriminasyon at pagpula ay mula sa Pag-aalala, takot at ang depensibong ugali sa may virus na hindi nakikita at nakikilala.

Ang sinuman ay maaaring maimpeksyon, at ang lahat ay nag-aalala at hindi mapalagay.

Kami ay nakikiusap na kausapin ang inyong mga anak at pamilya tungkol sa kung ano ang aming magagawa sa ngayon.



STOP! COVID discrimination
< Situations leading to Discrimination @ At School >
(Ministry of Justice)